**Frederick Hayes**
**Southeast Community Center sa 1550 Evans**
**Salaysay ng Panukala sa Iskultura sa Plasa (Plaza Sculpture Proposal Narrative)**

Ang aking panukala ay lumikha ng isang 24 na piye x 9 na piye x 8 pulgada na iskulturang bronse para sa paggunita ng pagkaunawa sa komunidad ng Bayview-Hunters Point bilang isang tahanan at lugar na malugod na bumabati sa lahat na nagpapakilala ng mayamang kasaysayan ng komunidad ng African American. Gamit ang tema ng Dogon Door, nagdisenyo na ako ng isang pinto na may maraming kulay na naglalarawan ng mga elementong panlunas batay sa mga patsada ng mga tahanan sa lugar ng Hunters Point-Bayview na kasama ang mga bahagi ng bintana ng ibinagay na mga patsada upang mahikayat ang manonood ng obra habang kasabay na sinusulyapan ang kung ano ang nasa dako pa roon. Ang iskultura ay aktuwal na binubuo ng isang bahagi na inuulit ng 4 na beses na dalawa sa harap at dalawa sa likod, ngunit dahil sa sarisaring mga butas at mga hugis kapag nakaharap ito mula sa gitna o ang pag-iiwan ng inyong tugon ay hindi kailanman magiging pareho habang isinasaalang-alang ng pagtingin ang iba't ibang kaugnayan at mga pananaw. Ang pagkaunawang ito ng pag-uulit ay mahalaga sa lahat ng paggawa ng sining at sa disenyong African sa partikular. Ang mga kulay ay pula, dilaw, asul, berde, kayumanggi, lila at ginawa sa patina na halos tumutugma sa orihinal na konsepto ngunit hindi masyadong maliwanag. Ang lahat ng lugar ay magiging madaling puntahan para sa pagmantene na nangangailangan lamang ng isang simpleng paghuhugas at muling paglalagay ng wax upang mahadlangan ang oksidasyon ng metal.

**Proseso**:
Sa pagtatrabaho kasama ng Artworks Foundry sa Berkeley, lilikha ako ng modelong may taas na 6 na piye mula sa kahoy na ipapadala sa kanilang Foundry mula sa New York para sa pagpapalaki, welding at pagdisenyo ng armature para sa istruktura. Ang prosesong ito ay binubuo ng pag-scan sa 6 na modelo na ilalagay sa proporsiyon hanggang sa naaangkop na sukat gamit ang isang urethane foam, pagkatapos ang manipis na patong ng luwad ay ilalagay sa taas ng foam. Pupunta ako pagkatapos sa Foundry upang hubugin ang ibabaw ng luwad at gumawa ng kinakailangang mga pagwawasto at/o pagpapaganda para sa pinal na pagmomolde. Pagkaraan ng pagmomolde, titipunin at ipapadala ang iskultura sa lugar o imbakan bago ng instalasyon.

**Gagampanang Papel ng Artist**:
Magdisenyo at pagsama-samahin ang 6 na piye sa 4.5 piye x 4 na pulgada na modelo ng iskultura na ipapadala sa Berkeley para sa produksyon ayon sa iskala ng napanukalang iskultura. Ang modelo ay bubuuin ng konstruksyon ng troso, plywood, at found wood, kung naaangkop. Pagkaraang nailagay sa proporsiyon ang orihinal na modelo hanggang sa 12 x 9 piye x 8 pulgada sa foam ay pagkatapos maglalakbay ako sa California upang mahubog at pakinisin ang iskultura gamit ang manipis na patong ng luwad na ibinigay ng Artworks Foundry bago ng pagmomolde. Ang gagampanan kong papel ay bubuuin din ng pagsasanay at pangangasiwa ng mga intern sa aking *Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point* para sa Proyekto ng Paglahok ng Komunidad sa panahon ng 10 linggo na may kasamang mga regular na pagbisita.

Mga **Subcontractor**:
Tom Schrey
Artworks Foundry
728 Heinz Ave.,
Berkeley, Ca 94710
510-644-2735
tom@artworksfoundry.com

**Pagmantene**: Ayon sa National Park Service, ang walnut shell blasting ay natuklasan na pinakamahusay na paraan ng paglilinis ng mga iskulturang bronse. Pagkatapos ng paglilinis at paghuhugas ay muling ipinapahid ang wax sa parehong paraan gaya ng ginawa pagkatapos na tapusin ang pagmomolde ng iskulturang bronse. Ang pagpapahid ng wax ay nagbibigay ng proteksiyon sa patina kahit na gumawa ng desisyon na hayaan na mangyari ang ilang unti-unting pagkaagnas. **https://www.nps.gov/tps/how-to-preserve/tech-notes/Tech-Notes-Metals01.pdf**

**Paunang Timeline**:

| | |
|---|---|
| Pebrero 2020 | Pagkontrata sa Artist |
| Pebrero - Marso | Pagbuo ng Disenyo |
| Abril 2 - Mayo 30 | Paggawa ng mga dokumento ng konstruksyon |
| Hunyo 2 - Setyembre 2 | Disenyo ng Modelo at Paggawa |
| Hunyo 4 - Hunyo 6 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Hunyo 18 - Hunyo 20 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Hulyo 9 - Hulyo 11 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Hulyo 30 - Agosto 1 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Agosto 13 - Agosto 15 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Setyembre 8 | Pagpapadala ng Modelo Modelo sa California |
| Nobyembre 3 – Nobyembre 16 | Paglalakbay sa California upang bigyang-kahulugan at para sa muling paghugis ng iskultura bago ng pinal na molde. |
| Disyembrer 1 - Mayo 15 | Paggawa ng Artworks Foundry at pagtitipon ng iskultura |
| Mayo 17 hanggang Mayo 30 | Pag-imbak ng Iskultura |
| Hunyo 1 - Hunyo 5 | Instalasyon ng Iskultura/Pagmamapa ng Hunters Point Bayview |
| Hunyo 17 - Hunyo 19 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Hulyo 8 - Hulyo 10 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Hulyo 22 - Hulyo 24 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Agosto 5 - Agosto 7 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |
| Agosto 12 - Agosto 14 | Pagmamapa ng Bayview-Hunters Point |

**Pagmamapa ng Makasaysayang mga Tahanan sa Bayview-Hunters Point (Paglahok ng Komunidad sa Sining):**

Kung mapipili para sa komisyon sa Southeast Community Center, ipinapanukala ko ang isang proyekto ng pagmamapa ng komunidad batay sa nakapaligid na mga lugar ng kasalukuyan at hinaharap na tahanan ng Community Center gamit ang makasaysayang pabahay sa Bayview Hunters Point na nakalista sa Area B Survey sa petsang 2010 bilang panimulang lugar. Ang dokumentong ito ay nagpapakita sa mga bahay kaugnay sa pagiging malapit sa Community Center, at nagpapatuloy sa pagbibigay-kahulugan sa kung ano at kung bakit makasaysayan ang mga ito, gaya ng disenyo at taon na itinayo. Ang nawawala sa survey na ito ay ang residente, ang kapit-bahay, at bagay o artifact na nagkukuwento o nagbibigay ng higit na kabatiran sa komunidad at paligid. Sa pinakamababa, sa palagay ko ang bawat lansangan ay nagsasabi ng isang kuwento, mayroong isang natatanging panghalina at katangian, at may maraming masasabi.

Sa tulong ng mga lider at kabataan ng komunidad, ang Southeast Community Center at ilang umuupa sa Center, ang aking hangarin ay magsagawa ng isang serye ng mga proyekto ng pagmamapa sa panahon ng 12 linggo sa tag-init ng 2020 at sa taga-init ng 2021. Gamit ang mga tirahan at mga imahe sa Area B Survey, ang mga estudyante ay muling kukunan ng litrato ang mga bahay na ito at mga lugar habang naghahanap ng iba pang nagbibigay-kahulugan sa komunidad at lansangan upang bumuo ng isang mas malaking larawan na nangungusap tungkol sa lokasyon, komunidad, lugar, at mga tao. Ang mga estudyante ay sasamahan ng mga intern, at maaari ding tanungin ang mga residente sa lansangan kung gusto nilang sumagot sa isang serye ng mga tanong bilang paraan ng pagkuha ng mas malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng mga komunidad:

*Gaano ka na katagal na nakatira dito? Paano ang _______ naiiba kung saan ka nakatira at ano ang pagkakapareho ng mga ito? Ano ang ilan sa mga hindi nakasulat na alituntunin na ginagawang natatangi ang bawat lugar? Kung may pagpipilian ka, titira ka ba sa ibang lugar? Paano mo bibigyang-kahulugan ang iyong papel na ginagampanan sa komunidad? Nakatira ka ba rito, ngunit ang iyong tunay na komunidad ay parang nasa ibang lugar? Mayroon ka bang nalalamang anuman tungkol sa mga bahay dito sa lansangan? Mayroon bang anumang kuwentong hindi kapani-paniwala o mga maikling kuwento?*

Ang proyektong ito ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga kabataan sa pamamagitan ng pagkintal ng tiwala sa kanila, at pagbibigay sa kanila ng oportunidad upang matuto rin ng tungkol sa kanilang komunidad mula sa

matatandang residente. Dahil ang proyektong ito ay magtutuon din sa arkitektura, magkakaroon sila ng oportunidad na matuto ng tungkol sa iba't ibang uri ng pabahay sa lugar at, sa ilang pagkakataon, kung bakit naroroon ang mga ito. Natukoy ko na sa kasalukuyan ang Bayview Historical Society bilang isang posibleng website na maaaring handang maging host ng proyektong ito. Ang iba pang maaaring mga site ay ang Found SF (bayview-hunterspoint.org /history) at SPUR. Sa una, ito ay maaaring magsimula lamang sa pahina ng Facebook bilang isang maagang paraan ng pagsubaybay sa pag-unlad ng mga bata. Gayon din, may ilang organisasyon ng kabataan sa Bayview Hunters Point na maaari kong maging katambal para sa proyektong ito.

- Fred Hayes